**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES**
DILIMAN QUEZON CITY
VOIP TRUNKLINE: 981-8500 LOCAL: 2558, 2556
DIRECT LINE: (632) 929-5401, (632) 927-1835
FAX: (632) 928-2863
E-MAIL: chancellor.updiliman@up.edu.ph

**OFFICE OF THE CHANCELLOR**

Ika-17 ng Nobyembre 2022

MEMORANDUM BLG. FRN-22-082

Para sa : Mga Dekano, Direktor, Pinuno ng Yunit, Guro, REPS, Kawani, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral, at Pinuno ng mga Samahang Pangmag-aaral

Paksa : **2022 Year-End Program**

---

Pagbati sa lahat!

Noong kasagsagan ng pandemya, pinalawig ng Unibersidad ang diwa at kahulugan ng edukasyon, pananaliksik, at paglilingkod na hinulma ng determinasyong malampasan ang iba't ibang uri ng pagsubok. Kaya't ngayon, bilang pagsisimula ng bagong kabanata, tahakin natin ito kaakibat ang mga bagong plano, programa, at alituntunin. Sa pagharap natin sa mga bagong hamong may pinayabong na pagtingin, pagpupunyagi, at kahusayang Tatak UP, baunin natin ang galak na nag-uugat sa pagpupursiging mapagtagumpayan ang takot at alinlangan. Ang kagalakan ding ito ang magsisilbing kislap sa ating kamalayan sa pagharap natin sa mga landas na ating pang sasalubungin at tatahakin. Ipagdiwang natin ang 2022 Year-End Program na may temang, "*Bagong Tahak, Bagong Galak*".

Matutunghayan ngayong taon ang mga sumusunod na aktibidad:

**Pag-iilaw para sa Pasko**: Disyembre 9 (Biyernes), 6:00 ng gabi, Oblation Plaza. Hudyat ito ng panimula sa pagdiriwang ng Kapaskuhan sa pamamagitan ng Tradisyunal na Paskong Pag-iilaw. Susundan ito ng *community singing* ng mga Awiting Pamasko;

**Open Mic**: Disyembre 11 (Linggo), 3:00 ng hapon – 8:00 ng gabi, UP Town Center Acacia Courtyard;

**Jazz for Christmas**: Disyembre 16 (Biyernes), 6:00 ng gabi sa UP Carillon. Ang pagtatanghal ay isang pamaskong handog tampok ang UP Jazz Band sa direksyon ni Prof. Rayben Maigue, ang Iskollas, at ibang grupo mula sa Kolehiyo ng Musika; at

**Paligsahan at Parada ng mga Parol**: Disyembre 21 (Miyerkules), 4:00 ng hapon, *Academic Oval*. Susundan ito ng Palatuntunan sa *Amphitheater, musical performance*, paggawad ng premyo sa mga nanalo sa paligsahan ng Parol, pamaskong awit mula sa komunidad at ang inaabangang *fireworks display*.

Maglalabas din ang *Year Ender Program Committee* ng iba pang mga detalye sa susunod na mga araw. Para sa mga katanungan, maaaring mag-email sa Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad (ovcca.updiliman@up.edu.ph) o sa Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangmag-aaral (ovcsa.upd@up.edu.ph).

Maraming salamat.

FIDEL R. NEMENZO, D.Sc.
Tsanselor